

**OPISYAL NA PAHAYAG**

Hunyo 10, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach,  
562.570.NEWS, [jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Para sa Agarang Pahayag

**Nag-aalok ang Long Beach ng Programa ng  
Emerhensiyang Tulong sa Renta para sa mga  
Kwalipikadong Nangungupahan na Apektado ng  
COVID-19**

Long Beach, CA - Inihayag ng Lungsod ngayon ang isang bagong programa ng pagtulong sa renta na nagbibigay ng kaluwagan sa mga kwalipikadong nangungupahan na apektado ng pandemya ng COVID-19, na nagkaisang inaprubahan ng Konseho ng Lungsod.

“Kritikal na ipagpatuloy nating suportahan ang mga nangungupahan at maliliit na may-ari ng ari-arian sa ating lungsod habang naglalayag sa mga hindi inaasahang pinansyal na epekto ng pandemya,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang programang ito ay magbibigay ng kinakailangang tulong para sa mga residente at pamilya ng Long Beach.”

Ang Long Beach CARES Emerhensiyang Tulong sa Renta na Programa (LB CARES) ay magkakaloob ng hanggang \$1,000 bawat buwan ng pagbayad sa renta nang hanggang tatlong buwan sa ngalan ng mga kwalipikadong mga residente ng Long Beach na nawalan ng kita dahil sa COVID-19 at kwalipikado sa pederal limit ng mababang kita. Ang buwanang tulong sa pagbayad ay direktang ibibigay sa mga landlord o may-ari ng lupa sa ngalan ng mga kwalipikadong residente at maaaring gamitin sa rentang kailangang bayaran mula Marso 27, 2020, hanggang sa dulo ng [Utos na Masligtas sa Tahanan](#).

Ang mga kwalipikadong aplikante ay kinakailangang magsumite ng dokumentasyon na nagpapatunay ng malaking pagkalugi sa kinikita na sanhi ng mga pagkawalan ng trabaho, mga furlough, o pagbawas ng oras o bayad dahil sa pandemyang COVID-19

simula Marso 27. Lahat ng dokumentasyon at kasunduan sa renta at pagpapaupa ay sumasailalim sa pagpapatunay.

Ang LB CARES ay pinondohan ng isang \$3 milyon na pederal Community Development Block Grant Coronavirus (CDBG-CV) at \$2 milyon na re-appropriated HOME Investment Partnership Program na pondo. Bilang karagdagan, ang Opisina ng Superbisor ng County ng Los Angeles na si Janice Hahn ay nag-ambag ng \$300,000 para sa pagpopondo ng programa.

“Ang krisis na ito ay nagwasak sa mga pamilya na nabubuhay na sa bingit ng kahirapan,” sabi ng Superbisor ng County ng Los Angeles na si Janice Hahn. “Nakikipagtulungan ako kay Mayor Garcia upang makapagbigay ng tulong sa renta sa mga residente ng Long Beach upang makatulong sa mga taong nangangailangan nito at mabawasan ang ilan sa pangmatagalang pinsala sa ekonomiya ng pandemyang ito.”

Ang karagdagang impormasyon sa programa ng LB CARES ay maaaring makita simula Lunes, Hunyo 15, 2020, sa website ng Lungsod sa: [longbeach.gov/lbcares](http://longbeach.gov/lbcares). Ang lahat ng detalye sa programa, kabilang ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado, mga materyales sa aplikasyon, at ang mga deadline sa pagsumite ay makikita sa [website](#) simula Lunes, Hunyo 29, 2020.

Sa isang kaugnay na pagsisikap, ang Konseho ng Lungsod ay kasalukuyang tumitingin ng iba't ibang opsyon sa tulong para sa mga may-ari ng pag-aari na naapektuhan ng COVID-19, kasama ang foreclosure relief, refund sa buwis sa pag-aari, at ang posibilidad ng isang umiikot na pondo ng pantang.

Noong nakaraang buwan, inaprubahan ng Lungsod ang pagpapalawak ng isang [emerhensiyang ordinansa](#) na naghihinto sa mga pagpapalayas para sa mga residensyal at ilang mga komersyal na nangungupahan.

Tingnan ang mga [Mapagkukunan para sa mga May-ari ng Bahay, Nangungupahan, at mga Maylupa](#) ng Lungsod.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa: [longbeach.gov/COVID19](http://longbeach.gov/COVID19) at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###